Tagalog


Vol.26 | 2022.07



# Impormasyon para sa mga dayuhan
# Ota City Navigation

## Espesyal na tampok

Unang bahagi: Vietnam




# Panayam sa natatrabahong dayuhan

**Magtrabaho tayo sa Ota City!!**
Upang maipaalam namin sa lahat ng tumitingin sa Ota City Navigation ang halina ng pagtatrabaho sa Ota City, ipapakilala namin ang mga dayuhan na nagtatrabaho sa loob ng Ota City. Sa unang bahagi, ipapakilala namin ang dalawang Vietnamese na nagtatrabaho sa isang community-based real estate consulting agency sa Ota City. Ano ang halina ng pagtatrabaho sa Japan at Ota City?


NGUYEN THI LANH


NGUYEN THI THU HUONG



### Q Kailan ka dumating sa Japan?

●LAHN: Mga 1 taon at 3 buwan na ang nakalipas mula nang dumating ako rito noong katapusan ng Disyembre 2020.

★HUONG: Nakilala ko si LAHN sa isang panayam sa trabaho sa Vietnam. At dahil nakuha ako ng job offer, magkasama kami ng sinakyang eroplano. Dahil sa COVID-19, halos walang tao noong dumating kami sa Haneda Airport.




### Q Paano ka nagkaroon ng interes sa Japan?

●LAHN: Nag-aral ako sa isang unibersidad bilang Japanese language major. Ang dahilan ay mahilig ako sa Japanese comics (paborito ko lalo na ang Japanese soccer comics na "Jindo/ Katobi Itto" !)

★HUONG: Noong pumasok rin ako sa unibersidad, naisipan kong nais kong sumubok ng bagong wika maliban sa wikang Ingles, at nagmajor ako ng Japanese interpretation at pagsasalin na may layuning magtrabaho muli.




### Q Anong uri ng trabaho ang inyong ginagawa?

●LAHN: Ang pangunahing trabaho ko ngayon ay ang pagbibibgay suporta sa mga dayuhan. Una ay ang share house. Nagbibigay kami ng ilang aplikasyon at tumutugon kung sila ay may mga katanungan. Pagkatapos mapagpasiyahan ang silid ng customer, naroon kami upang magbigay gabay sa kanila. Gayundin, kung nagkaroon ng problema tulad ng dahil sa pagkakaiba ng kultura sa share house, maaari din kami maging mediator upang sila ay magkaunawaan.

★HUONG: Maliban roon, nais namin mapalalim ang pag-unawa ng mga may-ari sa mga dayuhan dumami ang mga rental properties na titirahan ng mga dayuhan. Halimbawa ay kapag may tumirang Vietnamese, at mayroong anumang problema o reklamo, maaari kaming magbigay ng suporta.







Ituloy sa pahina 4

# 【Ota City Community Cycle Project】

Ang Ota City Community Cycle ay isang bicycle sharing service kung saan maaaring magrenta at magsauli ang bisikleta kahit saan hangga’t ito ay nasa isang cycle port (paradahan ng mga bisikleta) sa loob ng ilang mga lugar. Maaaring magrenta at magsauli ng bisikleta sa kahit na saang cycle port hangga’t ito ay nasa loob ng 13 city sa Tokyo, kabilang ang Ota City. Mayroong humigit-kumulang 110 port sa Ota City. Maaari itong kombinyenteng gamitin para sa pag-cocommute, pamimili, sightseeing, atbp. (Kinakailangan ng membership registration upang magamit ito.)

| Kailan | Saan | Ilang tao |
|---|---|---|
| Magagamit 24 oras | Humigit-kumulang 1,000 lugar sa Tokyo (humigit-kumulang 110 lugar sa Ota City) | Isang bisikleta ang maaaring magamit sa bawat isang membership registration |

| Magkano | Paano mag-apply | Saan ipapadala ang aplikasyon |
|---|---|---|
| One-time membership 165 yen/30 minuto (165 yen kada 30 minutong extension)<br>Monthly membership 2,200 yen/buwan (165 yen kada 30 minutong extension)<br>One-day pass 1,650 yen/araw (hanggang 11:59 pm sa araw ng paggamit) | Magrehistro para sa membership mula sa website | |

| Makipag-ugnay sa | |
|---|---|
| | Urban Infrastructure Development Management Division ☎ 03- 5744-1315 FAX 03- 5744-1527<br>E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp |

# 【Tungkol sa pagnanakaw ng bisikleta at paradahan ng bisikleta】

Mangyaring huwag iwanan ang iyong bisikleta sa kalsada o paligid ng istasyon ng tren. Iparada ito sa paradahan ng bisikleta. Ang mga bisikletang iniwan sa paligid ng istasyon ng tren ay magiging problema kapag naging sagabal ito sa mga pedestrian, atbp, o kapag hindi makaraan ang mga sasakyang pang-emerhensiya. Maaaring kumpiskahin ang mga bisikletang iniwan sa paligid ng istasyon ng tren. Maraming mga aradahan sa Ota City. Ang oras ng paggamit at bayad sa paggamit ay naiiba depende sa paradahan ng bisikleta. Mangyaring kumpirmahin ito nang mabuti sa paradahan ng bisikleta o sa website ng Ota City. Sa karagdagan, maraming bisikleta ang nananakaw sa Ota City. Siguraduhin i-lock ang iyong bisikleta kapag ipaparada ito kahit sa iyong tahanan o sa paradahan ng bisikleta. Mas epektibong gumamit ng two-lock na nakalagay sa 2 parte ng iyong bisikleta dahil mas matagal bago manakaw ang iyong bisikleta. Protektahan ang iyong mahalagang bisikleta gamit ang two-lock.

**Makipag-ugnay sa**

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527
E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp
Paradahan ng bisikleta

Impormasyon sa pagnanakaw



# 【Furuhama Admission-free Day】

Nais mo bang mag-enjoy ng beach sports sa ibabaw ng malambot at maputing buhangin? Nagpaparenta kami ng mga kagamitan para sa beach volleyball, beach tennis, atbp. nang libre, at maaari kang makapag-enjoy ng iba't ibang mga beach sports. Nagbibigay din kami ng mga madadaling lecture para sa mga may nais. Gumawa kami ng mga paraan upang ma-enjoy ito ng lahat mula sa mga bata hanggang matatanda, kaya't huwag mag-atubiling bisitahin kami kasama ang iyong buong pamilya!

| Kailan | Saan |
|---|---|
| Hulyo 17 (Linggo), Setyembre 18 (Linggo)<br>Umaga / 10:30 am – 12:30 pm<br>Hapon / 1:30 pm - 4:30 pm | Omori-Higashi Waterside Sports Area Beach Volleyball Main Court<br>1-37-1 Omori-Higashi, Ota-ku |

| Magkano | Ilang tao | Paano mag-apply |
|---|---|---|
| Libre | Hanggang 15 katao at gagamit sila ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. | Ang pagtanggap ay gagawin sa mismong araw at lugar |

| Makipag-ugnay sa | |
|---|---|
| | Sports Promotion Division<br>☎ 03-5744-1441 FAX 03-5744-1539<br>E-mail sports@city.ota.tokyo.jp |

# 【Tungkol sa pagbabayad ng residence tax】

Ang ikalawang deadline ng pagbabayad ng special ward tax/ metropolitan tax (residence tax) ay sa Agosto 31. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ang ikatlong deadline ng pagbabayad ay sa Oktubre 31. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

| Makipag-ugnay sa | Tax Payment Division<br>☎ 03-5744-1205<br>FAX 03-5744-1517 |
|---|---|

## Naghahanap 【para sa Home Visit】

Pumunta at makisaya sa tahanan ng Japanese! Bisitahin ang sambahayanan ng mga Japanese sa Ota City at makihalubilo sa kanila.

- Pupunta sa tahanan ng Japanese (host family) at makipag-usap o makisaya.
- Humigit-kumulang 2-3 oras ang ginugugol sa tahanan ng host family.
- Makikipag-usap sa host family sa wikang Japanese.
- 2-3 guest (mula sa mga internasyonal na estudyante o dayuhan) ang pupunta sa 1 tahanan.
- Mangyaring pumunta pagkatapos kumain ng tanghalian. Hindi kakain sa tahanan ng host family.



| Kailan | Saan | Magkano | Ilang tao |
|---|---|---|---|
| Setyembre 25, 2022 (Linggo) 1:00 pm - 5:00 pm | Ota International Exchange Center | Libre (kailangan bayaran ang sariling transportasyon) | 20 katao |

| Paano mag-apply | Saan ipapadala ang aplikasyon |
|---|---|
| Mangyaring punan ang mga kinakailangan na aytem sa form. | |

Ang host family ay inaasahan ang pakikipag-ugnayan sa iyo!

Ditopara sa mga detalye

## Naghahanap 【Pagsasalita sa Wikang Japanese 2022】

Kung kayo ay dayuhang nag-aaral ng wikang Japanese, ipahayag ang iyong damdamin sa wikang Japanese.

- Ang mga kwalipikado sa aplikasyon ay mga taong hindi wikang Japanese ang katutubong wika at nalalapat sa alinman sa mga sumusunod
  - Naninirahan sa Ota City
  - Nag-aaral sa Ota City
  - Nagatrabaho sa Ota City
- Ang oras ng pagsasalita kada tao ay 3-5 minuto.
- Halimbawa ang mga sumusunod na tema sa pagsasalita.
  - Mga naramdaman nang nanirahan sa Japan o Ota City
  - Mga bagay na gusto at ayaw sa Japan
  - Pagkakaiba ng Japan at sariling bansa
  - Mga nais gawin pagdating sa Japan
  - Mga problema sa Japan (mga bagay na nais mong humiling ng tulong sa mga Japanese), atbp.

Inaasahan namin ang inyong paglahok!

Mangyaring bisitahin ang aming website para sa paraan ng aplikasyon!





Ito ay litrato mula sa kanyang talumpati noong 2019

| Kailan |
|---|
| Oktubre 30, 2022 (Linggo) ng hapon |

| Saan |
|---|
| Ota International Exchange Center |

| Magkano | Ilang tao |
|---|---|
| Libre (kailangan bayaran ang sariling transportasyon) | Mga 15 katao |

| Makipag-ugnay sa | Global City Ota Cooperation Association<br>☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982<br>E-mail mail@ota-goca.or.jp |
|---|---|





Kayong dalawa ay nagbibigay ng suporta sa mga dayuhan mula sa pananaw ng isang real estate agency! Ang buong panayam aynarito. Mangyaring basahin ito!

Naghahanap kami ng mga dayuhan na makakapanayam!

Tingnandito

# 【Ota Peace City Declaration Memorial Project "Peace City Declaration"】




Sa Agosto 15, 1984, idineklara ng Ota City ang lungsod to bilang peace city na nagnanais ng pangmatagalang kapayapaan at walang hangganang kaunlaran ng sangkatauhan. Kasama ng paggunita sa kaganapan na ito, gaganapin ang "Fireworks Festival" mula 1987 bilang lugar na nagpapatunay ng kahalagahan ng kapayapaan at pinagyayaman ng kamalayan ng pakikiisa ng mga residente sa lugar na maipapasa sa mga nakababatang henerasyon. Sa taong 2022, makakansela ang "Fireworks Festival" upang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19 at ang "Peace City Declaration" ay gaganapin sa Ota CIty Residents Plaza.

**Unang bahagi 【Seremonya】**

- Panimula: Wadaiko performance (Japanese drums)
- Pagbati ng host at mga panauhin
- Pagbasa ng Ota Peace City Declaration
- Sabayag pagkanta para sa Ota Peace City Declaration

**Pangalawang bahagi 【Stage Attraction】**

- Mga detalye at mga gaganap ay hindi pa napapagpasiyahan

Balak na ganapin ito nang walang audience at magkaroon ng live stream tulad ng dati.

| Kailan | Magkano |
| --- | --- |
| Agosto 15, 2022 (Lunes) 2:00 pm Simula (balak) | Libre |

**Makipag-ugnay sa**

Cultural Promotion Division
☎ 03-5744-1226 FAX 03-5744-1539 E-mail bunka@city.ota.tokyo.jp

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.